THE FINE LINE

FILIPINO **WEEK 3**

# Pagkamakasarili laban sa Pagkamapagbigay

## NOTES

## WARM-UP

- Alalahanin ang isang pagkakataon sa iyong paglaki kung kailan ikaw ay naging makasarili. Ano ang nangyari?
- Sino ang pinaka-mabait na tao na kilala mo? Ano ang nagawa niya para sa iyo?
- Sa iyong paglaki, ano ang naging pananaw ng iyong pamilya tungkol sa pera? Paano mo naisip na ganito ang kanilang naging pananaw?

**WORD**

*[17]Sabihin mo sa mga mayayaman sa mundong ito na huwag silang maging mayabang o umasa sa kayamanan nilang madaling mawala. Sa halip, umasa sila sa Diyos na nagkakaloob sa atin ng lahat ng bagay sa ikakasiya natin. [18]Turuan mo silang gumawa ng mabuti, maging mayaman sa mabubuting gawa, at mapagbigay at matulungin sa kapwa.*

**1 TIMOTEO 6:17,18**

---

Bilang mga mananampalataya, dapat tayong umasa sa Diyos, na siyang ating tagapaglaan. Bukas-palad Niyang ibinibigay ang Kanyang sarili at ang lahat ng ating pangangailangan upang ating ikalugod ang Kanyang paglalaan at upang magawa nating magbahagi sa ibang tao. Ang layunin ng paglalaan ng Diyos ay ang maging isang pagpapala – hindi ang maging makasarili sa pamamagitan ng pagpapanatili ng lahat ng ating natatanggap sa ating mga sarili lamang. Magagawa nating hindi maging madamot at bagkus ay maging mapagbigay dahil mayroon tayong Diyos na nagmamahal at nagliligtas sa atin, at nagnanais na Siya ay makilala ng lahat. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong utos mula kay Pablo batay sa 1 Timoteo 6:18, na maaari din nating magamit sa ating mga buhay.

## 1 Gumawa ng mabuti.

*Kaya huwag tayong magsasawa sa paggawa ng mabuti, dahil sa tamang panahon matatanggap natin ang ating gantimpala kung hindi tayo susuko.* **MGA TAGA-GALACIA 6:9**

Bagama't ang paggawa ng mabuti ay nakakapagod at nakakasama ng loob, tayo ay hinahamon ng Bibliya na magtiyaga sapagkat ikinalulugod ito ng Diyos at ito ay Kanyang gagantimpalaan. Tayo ay gumagawa ng mabuti hindi upang makuha ang pagpapala ng Diyos. Bagkus, gumagawa tayo ng mabuti dahil pinagsisilbihan natin ang isang mabuti at mapagmahal na Diyos. Sa ating pagsunod sa halimbawang ibinigay ni Jesus, maaari nating magawa ang tama at mabuti – sa pamamagitan ng kakayanan na ibinibigay ng Diyos, maging karapat-dapat man o hindi ang taong tatanggap nito o maging maganda man o hindi ang kanilang pagtanggap dito, dahil ganito kabuti ang Diyos sa atin. Ano ang mangyayari kung tayo ay hindi mapapagod sa paggawa ng mabuti?

## 2 Maging palabigay.

*Ang taong masama ay nangungutang pero hindi nagbabayad, ngunit ang taong matuwid ay naaawa at nagbibigay ng sagana.* **MGA SALMO 37:21**

Ang mga matuwid—at kabilang dito ang lahat ng iniligtas ni Kristo—ay mapagbigay at bukas-palad na nagbibigay. Ito ay magagawa kung tayo ay tunay na kontento sa Diyos at kung alam natin na tayo ay Kanyang pagpapalain habang tayo ay nagsisilbi din na mga pagpapala. Paano mo natutunang maging mapagbigay ngayon na ikaw ay isa nang mananampalataya?

## 3 Maging handang magbigay.

*Ang magnanakaw ay huwag nang magnakaw, sa halip ay maghanapbuhay siya nang marangal para makatulong din siya sa mga nangangailangan.* **MGA TAGA-EFESO 4:28**

Ang isang bata ay hindi na kailangang turuan na maging makasarili. Ito ay kusang lumalabas dahil sa ating pagiging makasalanan. Sa ating paglaki (hindi lamang pisikal kundi maging espirituwal), pipiliin nating magbahagi sa iba at hindi mag-ipon para sa sarili at magkait. Nais ng Diyos na tayo ay magkaroon ng pagbabago mula sa buhay na puno ng pagnanakaw at kasalanan tungo sa buhay na bukas-palad at handang magbigay. Maaari tayong maging handang tumulong sa oras ng pangangailangan ng ibang tao, at magbigay ng ating oras at sarili. Maaari nating bukas-palad na ipamigay anuman ang mayroon tayo—hindi lamang salapi. Ibahagi kung paano binago ng Diyos ang iyong buhay.

## APPLICATION

- Paano naging mabuti at mapagkaloob ang Diyos sa iyo? Paano mo magagawang isapamuhay ang natutunan mo ngayon?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay mo kailangang maging mapagbigay? Paano mo magagawang hingin sa Diyos na sa bawat araw ay mabawasan ang iyong pagiging makasarili at lalo kang maging mapagbigay?
- Isipin kung kanino ka maaaring bukas palad na magbigay ngayong linggo. Ano ang iyong gagawin?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pagiging mapagbigay sa iyo araw-araw sa pamamagitan ni Kristo. Ipanalangin na ikaw din ay maging bukas-palad sa pagbibigay ng iyong pagmamahal sa Diyos.
- Ipanalangin na lagi kang gagawa ng mabuti at lagi mong maparangalan ang Diyos—anuman ang iyong mga kinakaharap.
- Hilingin sa Diyos na gawin kang mapagbigay at laging handa na magbahagi ng anumang mayroon ka sa iba. Ipanalangin na magkaroon ka ng marami pang pagkakataon upang akayin ang mga tao papunta sa Kanya.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph